

BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PANGANGAMPANYA!

PWEDENG MAGRESULTA SA MGA PIYANSA AT/O PAGKAKAKULONG ANG MGA PAGLABAG.

SAAN:

- Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal.

ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- *HUWAG* utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- *HUWAG* ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- *HUWAG* harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- *HUWAG* magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- *HUWAG* magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- *HUWAG* mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- *HUWAG* magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.